*Review of Women's Studies* 16 (1-2): 3-22

# Mga Ulinig at Tinig sa Silid: Karanasan sa Pagtuturo ng Feminismo sa Panitikan

***Will P. Ortiz***

*"Sa tingin ko po, mas magaling talaga ang mga lalaki kahit sa anong larangan."*

*"Ano ba ang problema ng mga babae kung may mga nakahubad na babae sa tabloid, eh gusto namang mag-pose nung mga babaeng iyon? Choice nila yun!"*

ANG UNANG KOMENTO ay sinabi sa akin ng isang estudyante sa loob ng klase sa panitikan. Ikinabigla ko ang sinabi ng estudyante dahil unang-una ay babae siya, ikalawa, isa siya sa mga mahuhusay na estudyante sa klaseng iyon at ikatlo, ako, bilang kaniyang guro ay babae rin.

Sa panahong iyon, lagpas na sa kalagitnaan ng klase namin. Napakarami nang naipabasang mga tula, dula, maikling kuwento na ukol sa mga babae. Kaya't may kahirapan para sa akin ang tumanggap ng ganitong komento mula sa isang babae, isang estudyanteng itinuturing kong mahusay at bukas ang isip ukol sa kalagayan ng pagkamarhinalisado ng kababaihan dulot ng epistemolohikal na karanasan.

Ang ikalawang komento ay nagmula sa estudyanteng lalaki na laging nakaismid sa klase kapag usapin ng babae sa loob ng panitikan at lipunan ang pinag-uusapan. Hindi ako nabigla sa

©2012 UP Center for Women's Studies, University of the Philippines
ISSN 0117-9489

komento, bagkus inaantay kong magsalita ang estudyanteng ito upang higit na mapag-usapan ang isyu ng babae sa loob at labas ng panitikan.

Sa mga tanong at komentong ipinahahayag ng mga estudyante, hindi maikakaila na nauumid rin ako bilang guro sapagkat may mga inaasahan akong hindi natutugunan at kailangan ko bilang guro ang patuloy na mag-aral at maglagom ng mga teorya, estratehiya, metodolohiya sa pagtuturo ng feminismo sa panitikan.

Layon ng papel na una, linawin ang pinagmumulang posisyon at teorya sa pagtuturo sa usapin ng feminismo sa Panitikan; ikalawa, ipakita ang karanasan sa pagtuturo ng panitikan gamit ang kritikal na pedagohiya ng feminismo, at ikatlo, lagumin ng mga epektibong estratehiya at espesipikong karanasan, lalo na ang pagsagot nang malinaw sa mga punto at komentong binabanggit ng mga estudyante, sa pagtuturo ng panitikan.

## Kritikal na Pedagohiya

Mahalaga para sa akin ang pagtuturo ng panitikan nang may pedagohiyang naglalayong magsulong ng bagong kamalayan o kontra-kamalayan. Binabangga nito ang tradisyonal na nosyon na ang guro lamang ang may alam sa loob ng klase, sinasalungat nito ang karaniwang paraan ng edukasyon na laging tila nagdedeposito o ang tinatawag na banking system ni Paulo Freire, isang Brazilian Educationalist na nagteorya ukol sa pedagohiya ng liberasyon. Mahalaga para sa kaniya ang usapin ng dialogo o ang pagbibigay ng tinig sa tradisyonal na walang tinig—ang mga mag-aaral.

Ang uri ng dialogo ni Freire ay hindi lamang dapat na nananatili sa loob ng silid-aralan o sa mga institusyong edukasyonal kung hindi nangangailangan ito ng praxis. Kailangang mailabas ang dialogo para sa higit na pagpapabuti ng komunidad at pagbubuo ng panlipunang katarungan na matagal nang naisantabi. Kailangang may aksiyon ang teorya para sa pagbabagong panlipunan. Bago pa magkaroon ng pagbabago sa loob ng lipunan, nangangailangan ng conscientization, isang bagong uri kritikal na kamalayang magpapabago ng kawalang-katarungan sa loob ng lipunan. Kung gayon mahalaga ang karanasan sa labas ng lipunan upang muling

tingnan ang mga pinag-aaralang mga teorya at kaalaman. Hindi dapat makalimutan ang pagbibigay-tinig sa matagal nang napiping estudyante ng mga edukasyonal na institusyon. Wika nga ni Carmen Luke:

> *Freire's (1978) critical pedagogy of conscientization provides radical pedagogy with the notion of teaching for critical consciousness, the teaching of critical literacy. Freire's pedagogy begins from, rather than precludes, students' problematization of knowledge, language and lived experience... This agenda pivots on the reinstatement via critical pedagogy of what modern schooling militates against: the power to speak, to critique, and to act in ways commensurate with their interests and emancipatory goals. (1992, 28)*

Radikal ang pedagohiya ni Freire sapagkat kritikal na kamalayan ang nais nitong hasain sa mga mag-aaral. Kailangang kritikal na pag-isipan ng mag-aaral ang mga ideolohiya, mga kaalamang hinubog ng mga institusyong panlipunan. Binibigyan ng kapangyarihan ang mga mag-aaral na makapagsalita at magbigay ng kritikal na pagtaya tungo sa mapagpalayang mga layunin, hindi lamang ng kamalayan ng estudyante kundi tungo sa pagbabago ng lipunan. Kung bibigyan ng laya ang isang mag-aaral upang makapagsalita, sa kritikal na pedagohiya, isinusulong nito ang pagbibigay ng kapangyarihan o empowerment.

Ipinaliwanag ni Britzman (1989) ang kahulugan ng tinig kaugnay ng pagbibigay ng kapangyarihan:

> *...the concept of voice spans literal, metaphorical and political terrains: In its literal sense voice represents the speech and perspectives of the speaker; metaphorically, voice spans inflection, tone, accent, style and the qualities and feelings conveyed by the speaker's words; and politically, a commitment to voice "attests to the right of speaking and being represented." (Britzman, 1989, 146 sipi ni Orner, 1992, 76)*

Kung kaya't ang tinig ay hindi lamang ang personal na kakayahang magpahayag ng mag-aaral kundi nararapat itong nakapagpapabago

o transformative. Hindi lamang ito pagbibigay ng kapangyarihan sa mag-aaral na makakuha ng mataas na marka o mabigyang layang ipahayag ang mga personal na opinyon o kuro-kuro kundi nararapat itong maging politikal. Ibig sabihin, hindi nananatili sa personal na antas ang kakayanang magsalita kundi nararapat na makapagpabago ng lipunang ginagalawan. Kailangang maipakita ang ugnayan ng personal na karanasan at ng kalagayang panlipunan. Naipaglalaban ang karapatan at nabibigyan ng representasyon ang marhinalisado. Ito ang nararapat na tunguhin ng pagbibigay ng kapangyarihan sa loob ng paaralan.

Sinasabi nga ni N. C. Burbules (1986) a kaniyang "A Theory of Power in Education" na hindi naman talaga nangangailangan ng relasyong may hirarkiya sa loob ng paaralan:

> *In principle, education need not involve power relations at all; the learning of one student does not necessarily entail the disadvantaging of another. In principle, teachers can function as legitimate authorities, not as authoritarian masters. In principle, schools can educate and minimize power relations and promote the basis for informed consensual, and egalitarian human relations. (sipi ni Gore, 1992, 65).*

Mahalagang banggitin na ang sinasabing ito ni Burbules ay hindi naman talaga nangyayari sapagkat sa katunayan, may kapangyarihan talaga ang guro sa loob ng mga institusyon. Ang mga institusyon ay hindi egalitarian. Totoo ito subalit ang pagkakaroon ng empowerment ay kailangang maging "enerhiyang malikhain:"

> *Empowering pedagogy does not dissolve the authority or power of the instructor. It does move from power as domination to power as creative energy... a view of power as creative community energy would suggest that strategies be developed to counteract unequal power arrangements. Such strategies recognize the potentiality for changing traditional unequal relationships. (Shrewsbury, 1987 sipi ni Gore, 1992, 65)*

Hindi kailangang maging salamin ng "pantay na kapangyarihan"

ang silid-aralan subalit nangangailangang patungo ito sa gayong direksiyon, wika ni Shrewsbury. Ang kapangyarihan sa loob ng silid-aralan ay hindi dapat na dominasyon kundi isang "malikhaing enerhiya" na may layuning magbigay ng espasyo sa mga napiping tinig tungo sa pagtuligsa ng mga tradisyonal at hirarkikal na relasyong panlipunan.

Ang kritikal na pedagohiya sa loob ng silid-aralan na humuhubog tungo sa conscientization, tungo sa pagbibigay ng kapangyarihan, tungo sa pagbibigay ng tinig, ay makatutulong tungo sa pagbabagong panlipunan.

## Kahulugan ng Feminismo

Kasabay ng malinaw na layon ng kritikal na pedagohiya, mahalagang makilala ng mag-aaral ang usapin ukol sa feminismo. Sa pangkalahatan, nilinaw ni Ruth Pierson (1987) ang kahulugan ng perspektibong feminista:

> *Feminists start from an insistence on the importance of women and women's experience, but a woman-centered perspective alone does not constitute feminism. Before a woman-centered perspective becomes a feminist perspective, it has to have been politicized by the experience of women in pursuit of self-determination coming into conflict with a sex-gender system of male dominance. (sipi ni Lewis, 1992, 170)*

Mahalaga man ang perspektibong maka-babae, hindi ito nangangahulugang feminismo. Kailangan ng politisasyon ng karanasan na nakikipagtunggali sa sistema ng patriyarka sa loob ng lipunan. Hindi ito usapin lamang ng sariling karanasan subalit kailangang maging politikal ang usaping personal. Ang usapin sa loob ng silid-aralan ay hindi lamang dapat manatiling pagsasatinig lamang ng mga matagal nang kinimkim na karanasan. Ang karanasang ito ay nararapat na naka-konteksto sa lipunang ginagalawan. Ayon kay Carmen Luke:

> *Repositioning women from the periphery to the center of social*

> *analysis is a central task for feminist theorists, regardless of diverse disciplinary perspectives and theoretical standpoints.* (1992, 25)

Hindi dapat manatili ang usapin sa indibidwal na karanasan kundi kailangang ipakita ang konteksto nitong pinagmumulan at ginagalawan. Ito ang sentral na papel at tungkulin ng mga guro na nagtuturo ng teorya ng feminismo. Ang catharsis ng pagsasatinig ng kapangyarihan ay dapat na maging lunsaran ng analisis ng sistema ng patriyarkiya at ng epistemolohikal na karahasang kaakibat nito. Kung mananatili sa personal na antas ang pag-aanalisa, tila counseling lamang ang nangyayari at hindi naman ito ang sentral na papel ng guro. At marahil, hindi pa sapat at angkop ang kaalaman ng guro na hindi naman nagsanay sa usapin ng counseling. Mahalagang ipakita na ang mga personal na karanasan ay sanhi ng mga karanasang panlipunan.

Mahalaga ring ipakita at ipaliwanag sa mga mag-aaral na ang feminismong pinag-aaralan ay nararapat na nakabatay sa karanasan natin bilang bansang dumanas at dumaranas ng pananakop upang makita ang karanasan ng pambansang opresyon at eksploytasyon batay sa lahi, uri, at kasarian. Ipinakikita sa mga pinag-aaralang teksto na ang danas ng babae sa loob ng ating lipunan ay iba sa danas ng ibang babae na nakatira sa industriyalisadong mga bansa. Iba ang karanasan ng isang babaeng Puti na nakatira sa Los Angeles, at ng isang babaeng kayumanggi na overseas contract worker at nagtatrabaho bilang katulong sa Los Angeles. Hindi unibersal at walang unibersal na karanasan ng iba't ibang babae sa iba't ibang panig ng mundo kahit may iisang kasarian.

Sa pagtatasa ng kritikal na pedagohiya at ng malinaw na tayô (stand) ukol sa pagtuturo ng feminismo, higit na nagiging handa ang guro sa pagbabalangkas ng mga tekstong ituturo at kung paano itong ituturo sa loob ng silid-aralan.

## Mga Espesipikong Danas sa Pagtuturo ng Panitikan

Karamihan sa mga estudyanteng kumukuha ng Humanidades I (Tao, Panitikan at Lipunan) sa loob ng tatlong taon kong pagtuturo sa aking klase ay nasa una at ikalawang antas ng kolehiyo. Kaya't

karaniwan silang nasa 16-18 taong gulang. Paminsan-minsan, mayroong mga nasa ikatlo at ikaapat na antas. Karamihan sa kanila ay kababaihan. Karaniwang nasa 25% porsiyento lamang ang mga lalaki. Iba't iba rin ang kolehiyong kanilang pinagmumulan, walang dominanteng kurso ang nangingibabaw sa dahilang GE course ito sa loob ng UP Diliman. Marahil, gusto ito ng mga estudyante sa dahilang panimulang kurso ito sa pag-aaral at pagbibigay-halaga sa panitikan kasabay ng pag-aaral sa lipunan. Itinuturo sa loob ng Humanidades I, ang iba't ibang uri o genre ng panitikan, tulad ng tula, dula, maikling kuwento, sanaysay at paminsan-minsa'y nobela at pelikula. Sa papel na ito, ibabahagi ang pagtuturo ng apat na genre (maikling kuwento, sanaysay, tula at pelikula) at espesipikong karanasan sa kritikal na pagtuturo ng feminismo.

*Pyudalismo ng Edukasyon sa "Utos ng Hari" at Marhinalisasyon ng babae sa "Pina, Pina, Saan ka Pupunta:" Maikling Kuwento*

Sinisimulan ko ang aking klase sa pagpapabasa ng maikling kuwentong "Utos ng Hari" ni Jun Cruz Reyes. Ipinakikita ng kuwento ang pyudal na relasyon sa pagitan ng guro at estudyante sa loob ng klase sa panahon ng Batas Militar. Alusyon din ang kuwento ukol sa pagiging "Hari" ng dating pangulong Marcos. Higit ang pokus ng diskusyon sa uri ng edukasyon sa loob ng lipunan na pyudal at kolonyal.

Kapag malaki-laki ang espasyo, iginugrupo ko sila sa lima at hinahayaang magdiskusyon sa loob ng limang (5) minuto ukol sa mga karanasang masaklap sa guro sa loob ng institusyon ng edukasyon. Sa loob ng panahong inilalagi sa loob ng klase, nakapabilog ang kanilang mga upuan at hindi kinakailangang baguhin ito, habang nagkakaroon ng diskusyon. Nagiging higit ang kanilang lakas ng loob na magbahagi at magsalita kapag nasa loob sila ng grupo at nakapagkuwentuhan na ukol sa mga karanasang ito. Mula sa kanilang pagkukuwento, makikita ang katakot-takot na hirap ang dinanas ng mga estudyante—mula sa verbal na pang-aabuso hanggang sa pisikal na pananakit ay naranasan nila.

Buhat sa mga espesipikong karanasan, ipinaliliwanag ko ang karapatan nila bilang mga estudyante. Hindi sila dapat pipihin ng

pyudal na sistema ng edukasyon. Bahagi rin ng diskusyon ang mga tuntunin sa loob ng silid-aralan at ang pagbibigay-galang sa opinyon ng bawat isa. Sa unang bahagi pa lamang ng klase, ipinakikilala ko ang pagkakaroon ng kalayaang magpahayag. Ngunit, ipinaliliwanag ko na ang kalayaang ito ay may kaakibat na responsibilidad, kaya't may mga tuntunin ring sinusunod sa klase (tulad ng responsibilidad ng pagbabasa ng akda at pagpapasa ng papel sa takdang araw). Ito ang panimulang pamamaraan upang makilala at malaman nila ang layunin ng kurso sa kritikal na pag-iisip at kalayaang magpahayag sa loob ng silid-aralan tungo sa kritikal na pag-iisip at pagbabago sa lipunan.

Kapag nailatag na ang ganitong pagpapalagayang-loob at paghikayat sa kanilang mag-isip at magpahayag ng mga naiisip, higit na nagiging malaya ang talakayan at nasisimulan ang pagtalakay ng mahahalagang isyu sa loob ng lipunan tulad ng feminismo. Mahalaga ang usapin ng tinig sa loob man ng klase at sa loob ng kuwento. Kaya't kahit hindi napupunto sa kuwentong "Utos ng Hari" ang usapin ng babae, kailangang itanong sa klase ang usapin ng kawalang boses ng isang babaeng tauhan at maging ang isteryotipikong karakterisasyon ng babae. Ano ang dahilan ng kawalan nito ng tinig? Ano ang ibig ipakahulugan ng "silence" o ang hindi pagbibigay ng tinig sa isang babaeng tauhan? Ano ang dahilan kung bakit ikinakabit sa tauhang gurong babae ang karakterisasyong tsismosa, mapanlait, walang lohika at mahilig manita ng estudyante? Kailangang idiin na sa loob ng kuwento, sa loob ng klase, at sa labas ng lipunan, ang pagkakaroon ng tinig ay kapangyarihan. Ang pagtatanggal ng tinig ay kawalan ng karapatan at kapangyarihan. Higit pang mapapalawig ang usapin ng kapangyarihan at kawalan ng kapangyarihan na nakabatay sa uring panlipunan at lahi sa susunod na kuwento.

Ang "Pina, Pina, Saan ka Pupunta?" ni Fanny Garcia ang isa sa mga tinatalakay naming kuwento upang higit na maunawaan ang mga isyu ukol sa feminismo. Ukol kay Pina--isang babaeng mahirap, laking iskwater, walang edukasyon, at nakipagpenpal sa isang Amerikano ang kuwento. Naging kasintahan niya ang Amerikanong si Sam, nakipagtalik siya rito nang ilang ulit hanggang mabuntis. Magkakaroon siya ng realisasyon na ang sinamba niyang si Sam ay manloloko lamang at may asawang Pilipina na ang angkang

pinagmulan ay mula sa hasendero't politiko. Sa huli, ilalaglag niya ang bata sa loob ng banyo at lalabas siyang masaya pagkatapos nito.

Lagi at lagi kong iginugrupo ang klase sa lima o anim, sila ang bahalang mag-isip ng mga kritikal na tanong ukol sa kuwentong binasa. Dalawang tanong ang kailangan nilang ipukol sa klase, una ang tanong ay nararapat na nakapokus sa kasiningan at elemento ng maikling kuwento at ang ikalawa'y may kinalaman sa konteksto at mga isyung nakapaloob sa kuwento. Sila rin ang nagsasabi kung anong grupo ang sasagot sa kanilang mga kritikal na tanong. Ang anumang hindi nila maitanong ay pinupunan ko bilang guro. Ang papel ko sa mga diskusyon ay linawin ang mga sagot, punan ang may kalabuan, at lagumin ang mga punto at isyung nakapaloob sa kuwento.

Ilang mga isyung feminista ang makikita sa loob ng kuwento na kailangang bigyan ng mahalagang pansin:

1) Una, ang pagiging mahirap at ang marubdob na pagnanais ni Pina na makarating sa ibang bansa upang maiahon ang pamilya sa hirap. Kailangangang ipakita na iba ang kalagayang ng isang babaeng Pilipina na nakatira sa isang mahirap na bansa. Triple ang marhinalisasyon ni Pina sapagkat siya ay babae, mahirap, at Pilipina (usapin ng lahi). May mga pagkakataong sa akin nagmumula ang tanong upang mapagmunihan nila ang kalagayan ng isang babaeng mahirap na nagnanais na iahon ang kaniyang pamilya sa kahirapan. Narito ang katanungan: kung ikaw si Pina, walang edukasyon, at laking iskwater, paano mong iaahon ang sarili sa kahirapan? Sa pamamagitan nito, naipapasok ang usapin ng ekonomiya ng bansa at hindi naiuuwi ang kuwento sa usapin ng moralistikong pagtaya sa mga naging pasya ni Pina sapagkat inilalagay ng mga estudyante ang sarili nila sa kalagayan ni Pina na mahirap at walang edukasyon. Buhat sa kanilang mga nagiging sagot, nakikita rin na sa pagdanas ng karanasan ng kahirapan, nakikipagsapalaran ang mga babae sa loob at labas ng ating lipunan. Buhat pa rin sa mga nagiging sagot nakikita ang usapin ng migrasyon, OFW, imperyalismo, at ang feminisasyon ng paggawa.

2) Nararapat ipakita na hindi dahil babae, makababae ang hangarin at kamalayan ng isang tao. Kapag pinag-aralan ang karakterisasyon ng asawa ni Sam, at nakita ang kaniyang pagsang-

ayon sa mga babaeng sinamantala ng kaniyang asawa, makikita na kasapakat siya ng kaniyang asawa sa pambubusabos sa kapwa babae, kapwa Pilipina. Kailangang maging maalam ang guro sa pagbaybay ng ating kasaysayan upang ipakita na ang ganitong pakikipagsapakatan (collaboration) ng mga hasendero at politiko sa mga Amerikano ay sistematiko.

3) Hinihingi ko rin bilang guro ang partisipasyon ng mga history major o mga nakakuha ng Kasaysayan upang maging mabunga ang talakayan. May mga pagkakataong kailangang pabasahin ang mga estudyante ng kasaysayan tulad ng Past Revisited ni Renato Constantino. Tingnan ang panahon pagkatapos ng rebolusyong 1896 o ang panahon ng pananakop ng mga Amerikano. Sagana ito sa pagtalakay ng usapin ng kolaborasyon. Tingnan rin ang pagtalakay ni Constantino sa Republikang Negros na itinayo ng mga hasendero na tulad nina Araneta sa pakikipagkolaborasyon sa mga Amerikano. Ibigay ang mga paksa at panahong ito at pagsaliksikin ang mga estudyante.

4) Sa pagtalakay ng usapin ng aborsiyon na ginawa ni Pina, unang tinatalakay na hindi dapat mauwi sa moralistikong pagtaya ang kuwento. Ito ay dahil sa ang kuwento ay simbolikong representasyon ng nagaganap na relasyon sa pagitan ng Pilipinas (Pina) at ng Amerika (Sam). Kung ito'y usaping moral lamang hindi na ito dapat pang naging alusyon ng relasyon ng dalawang bansang pinangingibabawan ng isa sa usapin ng ekonomiya, politika, at kultura. Kailangang ipaliwanag hindi lamang ang simboliko nitong kahulugan—ang pagtatanggal ng sistema ng Amerika sa kaibuturan ng ating bayan na tulad ng aborsiyon ay magiging madugo at may mga buhay na mawawala. Kung mayroon pa ring estudyante na nagpipilit na mali ang ginawang aborsiyon ni Pina, kailangang handa ang guro sa pagtalakay ng usapin ng aborsiyon. Kailangang ipakita ang estadistika, ang mga pag-aaral ukol rito, na may kinalaman sa karapatan at katawan ng babae, ang pagkakaroon ng kakayahang pagpasyahan ang sariling katawan. Hindi ito matanggap ng marami at marahil magiging maramdamin o emosyonal pa ang magiging paraan ng pagtalakay ngunit kailangang hawak ng guro ang pananaliksik ukol rito. Kailangang ipaliwanag na walang babaeng pro-abortion, mayroong pro-choice,

at kapag ito'y naisabatas, magkakaroon ng higit na proteksiyon ang kababaihan dahil hindi gagawin ito ng kung sino lamang na wala sa medikal na propesyon, at maaari ring dumaan sa counseling ang sinumang nagnanais ng aborsiyon kaya't makapagsasalba pa ito ng buhay. Ipakita ang katunayan (fact) na nagaganap ang aborsiyon sa lipunan at kailangan itong tugunan nang hindi pagpaparusa ang kinakailangan kundi pag-aaral ng isyu. Kapag dinaan sa usaping relihiyon ang usapin ng aborsiyon, ipaliwanag na ni hindi pinag-aaralan ng simbahan ang mga pananaliksik ukol rito, at ang papel natin bilang mga intelektuwal sa loob ng akademiya ay pag-aralan ang mga isyu na may batayang pananaliksik at hindi dapat igupo ng emosyon sa pagpapasya.

Sa susunod na bahagi, ipakikita ang usapin ng isyu ng kababaihan at ang "kasagraduhan" ng Bibliya.

*Ang "Kasagraduhan" ng Paglikha sa Henesis sa "Creating the World: Structuralism and Semiotics": Sanaysay*

Ipinabasa ko noon ang sanaysay na "Creating the World: Structuralism and Semiotics" ni Lori Hope Lefkovitz (1989), na ukol sa pagbasang semiotika ng Henesis 1-3. Katakot-takot na reaksiyon ang natanggap ko mula sa mga estudyang laking simbahan at itinuturing na sagrado, banal, at kanon ang bibliya at walang karapatan ang sinuman na pag-aralan ito mula sa semiotikang pag-aanalisa.

Narito ang sipi ng sanaysay ni Lefkovitz:

> *Adam is given the divine prerogative of naming...Adam names her (Eve) and thus owns her too... In an overwhelming counterfactual moment, God insures that life does not first develop from the body of woman. Reversing the biology hereafter, the first woman is born out of the belly of a man. When Eve becomes a childbearer at the story's conclusion, childbearing is suitably identified not as her blessing but as her curse. Beneath the story lies a fear and suspicion of female sexuality, and each opposition generates reversal to allay that fear, to soothe the anxious psyche of the primitive mythmaker. (1989, 73-74)*

Nang una kong marinig ang akusasyon at galit ng mga estudyanteng "nasaktan" dahil sa "pagturing sa Bibliya bilang hindi sagradong aklat," "pagturing sa gumawa nito bilang 'primitive mythmaker'," medyo nagulat ako at hindi kaagad na nakapagsalita.

Nabawi ko rin ang pagkagulat na ito at ipinaliwanag na sa loob ng akademiya, bahagi ng akademikong kalayaan ang pagpasyahan kung ano ang nararapat na basahin at talakayin sa loob ng klase. Walang tekstong sagrado sa loob ng akademiya, ang lahat ay maaaring pag-aralan, pagmunihan, at kritikal na analisahin. Ang akademiya ay hindi lugar ng mga monolitikong pagtingin at perspektibo, ito ang lunan ng tunggalian. Kung ituturing nating sagrado, ang lahat ng institusyon ng lipunan, walang pagbabagong magaganap at mananatiling walang pag-unlad sa loob ng lipunan. Kung nais nating talakayin ang kasagraduhan ng Bibliya, kailangang manatili tayo sa loob ng simbahan at hindi na pumasok pa sa institusyon ng edukasyon.

Ang ganitong pagpapaliwanag ay magbubukas pa ng napakaraming mga tanong at diskusyon. Gaano man ang pagnanais ko na monopolahin ang diskusyon, ipinapasa ko sa mga estudyante ang tanong kung may mga bagay bang dapat na hindi pag-aralan at analisahin sa loob ng akademiya. Anuman ang lumabas na sagot ng estudyante, tungkulin ng guro na ipakita na ang unibersidad ay lunan ng tunggalian ng mga ideya, at walang dapat na ituring na nasa antas ng kadakilaan na hindi nararapat na analisahin, pagmunihan, tuligsain. Ang pagiging demokratiko ng klase ay hindi nangangahulugang pagbibigay ng puwang sa lahat ng tinig nang walang nararating na konklusyon at tayô (stand) sa mga isyung tinatalakay.

Hamon sa guro ang mga galit na tanong ng estudyante upang itanong sa kanila kung saan nagmumula ang kanilang mga pagtingin at ipaliwanag sa abot ng makakaya ang kanilang mga karanasan ay nagbubuhat sa mga institusyong nananatiling monolitiko at kailangang itanong kung ano ang dahilan ng pagiging monolitiko ng mga ito. Kailangang usisain ang mga master narratives ng dominasyon sa usapin ng pagbabagong panlipunan. Kailangang linangin ang kultura ng pagtutol hindi para lamang sa pagkakaroon

ng salungatan o diskusyon ngunit dapat itong makapagpabago sa lipunang ginagalawan.

Sa tula sa ibaba, makikita pa rin ang institusyon ng hustisya bilang monolitikong institusyon na muling nagsasagawa ng karahasan sa biktima ng panggagahasa.

Ang Muling Panggagahasa ng "Hustisya" sa "Gahasa": Tula

"Ano ba ang problema ng mga babae kung may mga nakahubad na babae sa tabloid, eh gusto namang mag-pose nung mga babaeng iyon? Choice nila yun!"

Ito ang nabanggit kong komento ng isang lalaking estudyante sa unang bahagi, at ito ay nasabi dahil sa pagtalakay namin sa klase ang tulang "Gahasa" ni Joi Barrios. Makabubuting makita ang kabuuan ng tula:

*"Gahasa"*
Joi Barrios *(1990)*

*Ihanda ang ebidensya.*

*Eksibit Blg. 1: patalim, baril*
*o kahit na anong sandata,*
*patunay ng pagbabanta.*

*Eksibit Blg. 2: Panty na may mantas*
*Patunay ng kabirhenan ng dalaga.*

*Eksibit Blg. 3: Sertipikasyon ng doktor,*
*Patunay na—*
*a. sapilitan*
*b. lubusan*
*ang pagpasok ng ari,*

*Eksibit Blg. 4: Sertipikasyon ng pagkatao*
*Patunay ng hindi pagiging puta.*

*Ipasok sa hukuman ang nasasakdal.*

*Iharap sa hukuman ang nagsasakdal.*
*Simulan ang panggagahasa.*

Bago pa man magsimula ang pagtalakay sa mga isyung nakapaloob sa tula, tinatalakay muna ang estruktura at kasiningan ng tula. Ipinakikita ng tula ang pagtuligsa sa karaniwang anyo ng tula, tulad rin ng pagtuligsa nito sa karaniwang pagtrato ng hustisya sa kababaihan sa ating lipunan. Sa huling taludtod, makikita ang paggamit ng mahusay na parikala (irony) dahil malalaman ng mambabasa na hindi katarungan ang magaganap, kundi muling panggagahasa sa babae upang patunayan ang karanasan ng karahasan sa isang patriyarkal na lipunan.

Pagkatapos ng pagtalakay sa kasiningan ng tula, binibigyan kong muli ng limang minuto ang mga estudyante upang pag-usapan ang mga isyu na maaaring pag-usapan. Lumalabas sa loob ng talakayan ang mga isyu sa panggagahasa at kung paaanong nagiging salik ang pagkakaroon ng mga magasin, tabloid, at babasahing pornograpiko sa pagdami ng estadistika ng panggagahasa. May mga estudyanteng nagsasabi na walang direktang relasyon ang mga ito sa panggagahasa dahil hindi naman lahat ng nagbabasa nito ay nanggagahasa. Tama ito ngunit sinasagot ko na may epekto ang lahat ng mga ganitong babasahin sa kontribusyon sa pagpapababa ng pagtingin sa kababaihan.

Dahil dito, narinig ang komento sa itaas, at kinakailangang ipaunawa sa mga estudyante na ang usapin ng "choice" sa loob ng lipunan ay kailangang tingnang mabuti. Sino ang naghuhubad? Ano ang kalagayan sa buhay? Bakit kinakalakal ang katawan upang mabuhay? Maaaring masagot na ito ay dahil na rin sa pang-ekonomikong kalagayan ng babae sa loob ng lipunan, kaya't di ito "choice," sapagkat hindi nabibigyan ng pagkakataon na makapaghanapbuhay nang may marangal na kita. Sa usapin ng mga babaeng naghuhubad kahit na may kaya, muli, kailangang ipakita na hinuhubog ng lipunan ang mga babae na maging sex object, bahagi ito ng kamalayang dinidiktahan ng komersiyalisasyon ng katawan sa isang lipunang kapital ang paningin sa lahat ng bagay.

Kailangang handa ang guro sa pagtalakay ng usapin ng panggagahasa na may nakahandang pananaliksik/estadistika ukol

sa isyung ito nang hindi naisasakripisyo ang pagtalakay sa nagiging epekto nito sa mga babae. Hindi nararapat talakayin ang isyung ito, nang walang damdamin. Sa ganitong mga usapin, maaaring may mga estudyanteng magsabi ng kanilang karanasan, at muli, at muli, kailangang ibalik sa konteksto ang pagtalakay nito. Hindi ito usapin lamang ng personal na karanasan na iilan lamang ang dapat na sisihin. Delikadong manatili ang pag-aanalisa sa usapin lamang ng ilang indibidwal na nanggahasa. Ito ay usaping politikal at nararapat na bigyang solusyon sa pag-aanalisa ng sistematikong karahasan sa mga babae.

Ang pag-aanalisa nang nakabatay sa konteksto ng lipunan ay dapat na maging tuntunin maging sa panonood ng mga pelikula. Kritikal ang dapat na maging pagsusuri, lalo't ginawa ng mga tanyag na direktor at manunulat.

*Ang "Imoralidad" ng Babae sa Moral: Pelikula*

Sa pagpapanood ng pelikulang *Moral* na idinerehe ni Marilou Diaz-Abaya at isinulat ni Ricardo Lee, binigyan ko ng instruksiyon ang mga estudyante na tingnan ang karakterisasyon ng apat na pangunahing tauhang babae sa loob ng pelikula at ano ang pagtingin/reaksiyon nila rito. Ito ang tuntunin: hindi dapat idaan sa sensura ang kanilang mga pagtingin sa mga babaeng ito. Gamitin ang mga salitang kanto na tahasang ibinabawal sa akademiya kung ito ang nasasaisip habang pinagmumunihan ang mga tauhang babae. Sa pamamagitan ng ganitong instruksiyon, natatalakay ang iba't ibang isyu ng mga babaeng "liberal" sa loob ng lipunan at kung bakit ganito ang pagtingin sa kanila. Gaano man kabulgar ang gamiting salita (e.g. "puta," "pakawala," etc.) ng mga estudyante, nararapat itong pag-usapan o analisahin, hindi sa indibidwal na perspektibo ng estudyanteng nagbigay ng kaniyang reaksiyon kundi sa konteksto ng lipunan.

Dito ko nakuha ang komentong "Sa tingin ko po, mas magaling talaga ang mga lalaki kahit sa anong larangan," mula sa isang babaeng estudyante. Sa abot ng aking makakaya, ipinaliwanag ko na hindi lamang siya ang may ganitong pagtingin, kung hindi marami sa loob ng lipunan ang may ganitong pagtingin. Kailangang

itanong ang dahilan kung bakit ganito ang takbo ng kamalayan samantalang kapag tiningnan ang mga katunayan, mapasusubalian ito nang tahasan. Kaya't kailangang parating tingnan ang konteksto at sistema ng lipunan at hindi lamang ang indibidwal sapagkat ito'y panlipunang isyu.

Sa aming klase, napansin kong tuwang-tuwa ang mga estudyante kapag nakikita nilang nasa powerpoint ang kanilang mga sinabi na siniping verbatim. Makabubuting hindi talaga isama ang kanilang mga pangalan sapagkat mahihiya silang talakayin ang mga ito kapag nakita nilang nakasulat ang kanilang pangalan. Sa pamamagitan ng mga "tunay" na reaksiyon na nakita sa kanilang mga papel, higit na magiging malaya ang talakayan. Ang layunin ng pagpapakita ng mga ito sa klase ay hindi upang sisihin ang mga nagsulat kung hindi upang analisahin ang dahilan kung bakit ganito at ganyan ang pagtingin sa mga babae sa loob ng lipunan.

Narito ang ilan pang reaksiyon ukol sa mga tauhang babae sa pelikula na naging lunsaran ng pagtalakay:

- Si Joey ang nanliligaw at nagpapahiwatig na malakas talaga siyang babae
- Bakit siya nanliligaw e babae siya?
- Nainis ako sa kung paano siya umasta nang parang lalaki na palaging naghahanap ng ka-sex.
- May sabit ang babaeng ito sa pagpili ng lalaki
- Natuwa ako sa kaniya sa scene na inaaway niya yung madre tungkol sa hindi pagsusuot ng bra, ang astig niya
- Kahit pagbali-baliktarin man natin ang mundo, ang relasyon ng lalaki sa lalaki o babae man sa babae ay hindi magiging katanggap-tanggap
- Bakit pumapayag siya na binabarubal siya ng asawa niya gabi-gabi?

Sa ganitong mga reaksiyon, marami nang usapin na may kinalaman sa kasarian ang pag-uusapan tulad ng sexualidad, mga isteryotipong pagtingin sa babae, ang usapin ng pananamit, ang usapin ng relasyon at maging ang ugnayan ng mga institusyong panlipunan sa pagsagka sa kilos ng mga babae sa loob ng lipunan.

## Mga Tinig at Ulinig: Paglalagom

Maraming mga kahingian ang akademiya na nakasasagabal sa pagtuturo at pakikipag-ugnayan sa mga estudyante, tulad na lamang ng katakot-takot na publikasyon at rebisyon, pagbasa ng papel, mga gawaing komite, obligasyon sa mga mahal sa buhay. Ang lahat ng ito'y nararapat na gampanan nang buong tapang at tila dapat na walang kapaguran. Kaya't marahil, sa pagkakataong may kakulangan ang guro sa pagtuturo, o nagiging maramdamin man, kailangang ng pagsusuri at paglalagom. Kailangang itaas ang mga karanasang positibo sa pagtuturo. Sa akin, nakapagpapasaya na ang mga estudyanteng dating hindi nagsasalita at tahimik ngunit nagkaroon ng tinig sa pagtatapos ng klase. Dapat isaisip na anuman ang kamalayan ng estudyante, makababae man o hindi, ang pagtalakay ng mga isyu ng babae sa loob ng silid-aralan at labas ng lipunan, ay makaaantig ng pagbabago ng kamalayan at lipunan. Susi rito ang kritikal na paraan ng pagtalakay at pagbibigay ng tinig. Ang kritikal na paraan ng pagtalakay ay nangangahulugang pagtalikod sa uri ng edukasyong pagbabangko na sinasabi ni Freire na napakahirarkikal. Sa kritikal na pagtuturo, lagi at laging kasaysayan ang salalayan ng pag-aanalisa at ipinakikita ang politikal na pagkakaiba ng mga tao sa lipunan. Dapat ipaunawa na hindi maaaring indibidwal at personal ang pagtalakay sa mga panlipunang isyu sapagkat wala itong anumang maitutulong at walang kaugnayan sa pagbabagong panlipunan.

Nakakatakot para sa akin ang masyadong liberal na silid-aralan, na lahat ng tinig ay bibigyan ng pagsang-ayon, nakagugulo rin ito sa isipan ng mag-aaral. Kailangang makita na ang mga indibidwal na karanasan ay maaaring nagmumula sa liberal individualist ideology. Sinasabi nga ni Sandra Bell at iba pa na:

> *This ideology obscures inequities...within this framework, differences and experience are defined in individual terms, rather than in historical and social terms. ..in this form of identity politics, culture is depoliticized and de-historicized and group historical experiences are reduced to individual fragments, particular*

*individual stories. (1999, 26-27)*

Kaya't ang mga indibidwal na karanasan at tinig ay dapat na analisahin ayon sa kasaysayan at politikal na konteksto kung hindi malayo itong magkaroon ng ugnayan sa pagbabagong panlipunan. Maaaring ang isinasatinig ng mga estudyante ay ang liberal, dominanteng ideolohiya kahit hindi siya bahagi ng dominanteng grupo sa loob ng lipunan.

Napakarami pang ibang isyu ukol sa pagtuturo ng feminismo, marami pang mga kababaihang manunulat na hindi naisasama sa paglikha ng mga antolohiya ang nararapat na talakayin sa loob ng klase. Ito ang dahilan kung bakit nanghihingi rin ako ng tula at kuwento mula sa mga estudyanteng babae na hinihikayat kong magkaroon ng lakas ng loob na talakayin ang kanilang mga akda. Naiintindihan ko ang kanilang karanasan ng rejection sa mga palimbagan dahil nararanasan ko rin ito bilang manunulat. Sinasabi nilang may kinalaman marahil ito sa kanilang pagkamarhinalisado bilang mga babaeng manunulat. Hindi "marahil" ito, may katunayan na higit na nakapapasok sa larangan ng pagsusulat ang mga lalaki kaysa babae. Kaya't isang alternatibong venue ang pagtalakay ng mga di-nalimbag na akda sa loob ng mga klase sa panitikan. Marami-rami rin akong kilalang guro na tumatalakay ng mga akda ng mga di-kilala at di-kanonisadong manunulat. Isang paraan ito sa pagtuturo at pagbibigay tinig sa mga estudyante, babae, at manunulat.

Tulad ng nasabi ng pamagat, marami pang mga "ulinig" ang maririnig sa klase, ibig sabihin, gaano man ang pagnanais ng guro na bigyang-tinig ang mga estudyante, marami pa ring pagkakataon na mahinang-mahina ang tinig ng estudyante kaya't "ulinig" lamang ito at nananatiling hindi maintindihan at nasa laylayan. Kailangan lamang ng tiyaga sa pagpapalabas ng mga tinig na ito sapagkat kailangang tandaan na sila'y matagal na napipi ng isang pyudal na uri ng edukasyon.

Sa huli, ang papel bilang guro ay higit na hikayatin ang mag-aaral tungo sa pagsasaliksik at pagtuklas ng bago at kritikal na kaalaman at nawa'y tumungo ang kritikal na kaalamang ito sa paggiit ng karapatan at kapangyarihan ng mga nasa laylayan tungo sa pagbaklas ng sentro.

SANGGUNIAN:

Barrios, Joi. "Gahasa." Nasa *Philippine Literature*, Bienvenido Lumbera at Cynthia Lumbera, mga ed. Manila: Anvil Publishing, Inc, 2003.

Bell, Sandra, Marina Morrow, at Evangelia Tastsolgou. "Teaching in Environments of Resistance: toward a Critical, Feminist, and Anti-racist Pedagogy." Nasa *Innovative Feminist Pedagogies in Action: Meeting the Challenge*. Marelee Mayberry and Ellen Cronan Rose, eds. New York and London, Routledge, 1999.

Burbules, N.C. "A Theory of Power in Education." *Educational Theory, 36* (2), 95-114 sipi ni Gore, Jennifer, "What We Can do For You!" Nasa Feminisms and Critical Pedagogy New York: Routledge, 1992.

Constantino, Renato. *The Philippines: A Past Revisited*. Quezon City: by the author, 1975.

Freire, Paolo. *Pedagogy of the Oppressed*. New York: Continuum Publishing Corporation, 1984.

Garcia, Fanny. "Pina, Pina, Saan ka Pupunta." Nasa *Linangan*. Apolonio Chua, et al, mga editor. . Lungsod Quezon: OVCRD-OVCAA at DFPP, 1999.

Gore, Jennifer. "What We Can do For You!" Nasa *Feminisms and Critical Pedagogy*. Carmen Luke and Jennifer Gore, eds. New York: Routledge, 1992.

Lefkovitz, Lori Hope. "Creating the World: Structuralism and Semiotics" nasa *Contemporary Literary Theory*. Douglas Atkins at Laura Morrow, mga editor. USA: University of Massachusetts Press, 1989.

Luke, Carmen. "Feminist Politics in Radical Pedagogy." In *Feminisms and Critical Pedagogy*. Carmen Luke and Jennifer Gore, eds. New York: Routledge, 1992.

Mananzan, Mary John, OSB. *The Woman Question in the Philippines*.

Manila: Institute of Women's Studies, 1997.

Orner, Mimi, "Interrupting the Calls for Student Voice in "Liberatory" Education: A Feminist Poststructuralist Perspective. Nasa *Feminisms and Critical Pedagogy.* Carmen Luke and Jennifer Gore, eds. New York: Routledge, 1992.

Pierson, Ruth. "Review of Women of Ideas and What Men Have Done to Them." *Resources for Feminist Research, 12* (2), July pp. 17-18 sipi ni Magda Lewis sa, "Interrupting Patriarchy: Politics, Resistance and Transformation in the Feminist Classroom." Nasa *Feminisms and Critical Pedagogy.* Carmen Luke and Jennifer Gore, eds. New York: Routledge, 1992.

Reyes, Jun Cruz. "Utos ng Hari." Nasa *Linangan.* Apolonio Chua, et al, mga editor.. Lungsod Quezon: OVCRD-OVCAA at DFPP, 1999.

Shrewsbury, C.M. "What is Feminist Pedagogy?" Women's Studies Quarterly, 15 (3&4), 6-14, sipi ni Gore, Jennifer "What We Can do For You!" Nasa *Feminisms and Critical Pedagogy.* Carmen Luke and Jennifer Gore, eds. New York: Routledge, 1992.

---

Si ***Will P. Ortiz*** ay assistant professor sa Departamento ng Filipino at Panitikan ng Pilipinas, Unibersidad ng Pilipinas. Nagtuturo siya ng Philippine Studies at panitikan. Nagsusulat siya ng kuwento at tula na nalathala na sa *Diliman Review*, *Lagda* at *Philippine Studies Journal.* Malapit sa kaniya ang usapin ng bata at babae sa lipunan na laging paksa ng kaniyang saliksik at sulatin.